
4

# Filipino

## Ikalawang Markahan–Modyul 2: Salitang Naglalarawan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_Filipino4_ Modyul 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 2: Salitang Naglalarawan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ma. Theresa I. Cortez, Rema V. Montes

**Tagasuri:** Rechie O. Salcedo

**Tagaguhit:** Jerome R. Guadalupe, Mark Anthony O. Taduran

**Tagalapat:** Brian Navarro

**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao, Jr., Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Nora J. Laguda, Jerson V. Toralde, Rechie O. Salcedo, Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 2:
## Salitang Naglalarawan

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang nangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



# *Alamin*

Magandang araw! Kamusta ka? Nasasabik ka na ba sa ating bagong aralin?

Alam kong marami kang mga bagay na nakikita sa iyong paligid o nababasa sa mga maikling kuwento na nagbibigay sa iyo nang sigla at tuwa. Sa modyul na ito, matutulungan kang magkaroon ng makabagong kaalaman na matututuhan mo sa iyong pang araw-araw na gawain. Tara, pag-uusapan na natin ito upang maging makulay ang ating buhay.

Handa ka na ba?

Sa araling ito, inaasahan na matutuhan mo ang sumusunod:

A. Natutukoy ang mga pang-uri (lantay, pahahambing, pasukdol) sa nabasang talata o teksto;
B. Nagagamit mo nang wasto ang pang- uri (lantay, paghahambing, pasukdol) sa paglalarawan ng tao, lugar, bagay, at pangyayari sa sarili, ibang tao, at katulong sa pamayanan;
C. Nailalarawan ang tauhan batay sa ikinikilos o ginawi o sinabi at damdamin;
D. Nailalarawan ang tauhan batay sa ikinikilos, ginagawi, sinabi at naging damdamin;
E. Nasusuri ang damdamin ng mga tauhan sa napanood;
F. Naisasalaysay nang may tamang pagkakasunod-sunod ang nakalap na impormasyon mula sa binasa o napanood.
G. Nakasusulat ka ng talatang naglalarawan.

Sa modyul na ito matututuhan mong lahat ng mga inaasahang aralin at magiging kawili-wili ito sa iyo.



## *Subukin*



Bago tayo magsimula, sagutin mo muna ang mga gawain sa ibaba.

A. Basahin mabuti ang kuwento. Ilarawan ang tauhan, tagpuan at banghay. Isulat ang letra ng tamang sagot sa papel.

**Si Mang Kardong Magsasaka**

Ma. Theresa I. Cortez

Maraming humahanga kay Mang Kardo sa kanilang lalawigan dahil sa kaniyang kakisigan at matipunong pangangatawan.

**1.** Ilarawan ang pangangatawan ni Mang Kardo.

A. payat B. matipuno C. mataba

Isang araw, habang papunta si Mang Kardo sa kaniyang bukid may nakita siyang isang matanda na humihingi ng pagkain. Ibinigay niya agad ang kaniyang dalang baong pagkain.

2. Ano ang ipinakitang ugali ni Mang Kardo sa kuwento?

A. matulungin B. mayaman C. palakaibigan

Nakarating na si Mang Kardo sa kaniyang malawak na sakahan at sinimulan na niya ang kaniyang pag-ani.

3. Gaano kalaki ang sakahan ni Mang Kardo?

A. maliit B. makitid C. malawak


Tuwang-tuwa si Mang Kardo at marami siyang naaning palay. Malaking tulong ito sa kaniyang pamilya lalo na sa kaniyang anak na magkokolehiyo sa darating na pasukan.

4. Ilarawan kung bakit tuwang-tuwa si Mang Kardo.
   A. marami siyang naaning palay
   B. agad siyang makakauwi
   C. masiglang pinagmamasdan ang paligid

Nakauwi na si Mang Kardo sa kanilang bahay at sabay-sabay na naghapunan. Pagkatapos, taimtim na nagdasal ang mag-anak upang magpasalamat sa biyayang natanggap.

5. Ano ang ginagawa ng mag-anak pagkatapos maghapunan?
   A. tahimik na nanood ng pelikula
   B. masayang nagkukuwentuhan
   C. taimtim na nagdasal

B. Gamitin ang pang-uri (lantay, pahambing, pasukdol) sa pagsulat ng isang maikling talatang naglalarawan sa ipinapakitang kilos o gawain ng magsasaka. Mula sa talata, bilugan ang mga ginamit na salitang naglalarawan o pang-uri. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.



Gamitin mo ang rubrics sa ibaba para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

| **Elemento** | **Puntos** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **5** *(Napakagaling)* | **4** *(Magaling na Magaling)* | **3** *(Magaling)* | **2** *(Katamtaman)* | **1** *(Sanayan)* |
| Malinaw at maayos ang ginawang talata. | | | | | |
| Gumamit ng mga pang-uri sa pangungusap | | | | | |
| Angkop ang mga pang-uring ginamit sa paglalarawan at sa pagsulat ng talata. | | | | | |
| Ibang puna | | | | | |
| Kabuoan | | | | | |

Binabati kita! Natapos mo nang gawin ang SUBUKIN.

Sabik ka na bang iwasto ang iyong ginawa? Tignan sa Susi Pagwawasto sa pahina 21 ang Gawain A at rubriks naman sa Gawain B.

O ayan! Nagawa mo na. Maaari ko bang malaman kung alin sa mga gawain ang naging madali at mahirap para sa iyo?



| Gawain sa bawat letra | Madali/Mahirap | Dahilan |
|---|---|---|
| Gawain A | | |
| Gawain B. | | |

Kung naging madali sa iyo ang mga gawain sa SUBUKIN ibig sabihin madali mo ring mapapaunlad ang iyong kakayahan at pag-uunawa sa mga araling sa modyul na ito. Kung, hindi naman, huwag kang mag-alala, narito ako upang gabayan kitang matutuhan ang mga ito. Tara, simula na tayo!

## *Balikan*

Sa nakaraang aralin, pinag-aralan mo ang pagbibigay ng kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar na may kaugnay sa iba pang asignatura, salitang hiram, salita-larawan at pag-uugnay nito sa sariling karanasan.

Naalala mo na ba? Magaling! Sapagkat, narito ang isang gawain na hahasa pa sa iyong kaalaman tungkol sa paksang ito.

Punan ng tamang sagot ang talahanayan sa ibaba. Gawin ito sa sagutang papel.

| Salitang Hiram | Pamilyar/ Di-Pamilyar | Ibigay ang wastong baybay sa Filipino | Iguhit mo ito | Ibigay ang kahulugan sa pamamagitan ng pag-uugnay sa iyong karanasan at ipinakikita nito. |
|---|---|---|---|---|
| module | | | | |
| magazine | | | | |
| cellphone | | | | |
| television | | | | |
| laptop | | | | |



Mahusay! Nagawa mong isulat ang tamang sagot sa talahanayan. Naisulat ang wastong baybay, naibigay ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng sariling karanasan at nailarawan o naiguhit mo pa ito.

Sa ating bagong aralin, mas matututuhan mong isalarawan ang mga bagay, tao, lugar na nakikita mo sa inyong paligid at ang mga salitang ito ay tinatawag nating pang-uri.

Halika, gamitin naman natin ang pang-uri sa paglalarawan tungkol sa sarili, ibang tao, at katulong sa pamayanan gamit ang kaantasan ng pang-uri.



## *Tuklasin*

Yehey! Ito na ang iyong kinaaabangang bahagi ng modyul kung saan mahasa ka sa gawaing pagbabasa at malinang ang pag-unawa sa binasa.

Inaasahan kong magiging aktibo ka sa mga gawaing inihanda para sa iyong pagkatuto. Maaari kang humingi ng tulong sa iyong magulang o sinuman na iyong tagapag-alaga o gabay para sa gawaing ito.

Habang binabasa ang teksto, itala sa iyong kuwaderno ang mga salitang naglalarawan o pang-uri dahil magagamit mo ito sa kasunod na gawain.

Oh! Basa na!



### Aral sa Pamamasyal

*Ma. Theresa I. Cortez*
*ICS Teacher- DepEd Iriga*




***Photo Credit:*** *Hernan Malapo-DepEd Iriga*

Tuwang-tuwa ang mga mag-aaral sa ikaapat na baitang sa kanilang *'field trip'* sa Albay. Natulala sila sa ganda at perpektong hugis ng Bulkang Mayon ngsila ay pumunta sa Cagsawa Daraga, Albay. Kahit ilang beses na itong sumabog ay tila perpekto pa rin

ang hugis nito. Kaya naman, isa ito sa mga magagandang pasyalan na ipinagmamalaki ng mga Bikolano.




***Photo Credit:*** *Hernan Malapo-DepEd Iriga*

Tinungo rin nila ang '*Wild Life'*. Namangha ang mga mag-aaral nang makita nilang mas malawak ang pasyalan sa *Wild Life* kaysa sa Casagwa. May maliliit at malalaking iba't ibang uri ng hayop na kanilang nakita at nalaman ang mga katangian nito.



***Photo Credit:*** *Hernan Malapo-DepEd Iriga*

Pinuntahan din nila ang bulubundukin ng Kawa-Kawa sa Ligao. Napagod ang mga bata sa pag-akyat sa Kawa-Kawa dahil sa sobrang taas nito. Ngunit sulit naman dahil nakita nila ang iba't ibang "*Station of the Cross*". Nang makarating sila sa tuktok nito, natanaw nila ang napakagandang tanawin at preskong hangin ang kanilang nalanghap.

Pagod man ang mga bata sa kanilang ginawang lakbay-aral ay makikita sa kanilang mga mukha ang tuwa at saya dulot ng kakaibang karanasan sa pagkatuto.

**Sagutin Natin**

1. Ano-ano ang mga pang-uring ginamit sa binasang talata? Tukuyin ang mga ito.
2. Ano-ano ang lugar na pinuntahan ng mga mag-aaral sa ikaapat na baitang sa kanilang *'field trip'*? Ilarawan mo ang mga ito.
3. Ilarawan ang damdaming ipinakita ng mga mag-aaral sa kuwentong napakinggan.
4. Gusto mo rin bang maranasan ang maglakbay-aral? Bakit?
5. Anong mga lugar ang nais mong puntahan? Ilarawan ang mga ito.
6. Ano ang una, ikalawa, at huling lugar na pinuntahan ng mga mag-aaral sa ikaapat na baitang sa kanilang *'field trip'*?



Mahusay! Nasagot mo na ang mga tanong. Magagamit mo ang iyong mga sagot sa susunod nating gagawin upang mapalago ang iyong kaalaman sa ating aralin. *Excited* ka na ba? Humpisahan na natin.

## *Suriin*

Narito ang mga pangungusap na hinango mula sa binasang talata.

1. **Natulala sila sa ganda at perpektong hugis ng Bulkang Mayon.**
   - Ano ang salitang naglalarawan sa pangungusap? *Ganda at perpektong hugis.*
   - Ano ang binibigyang turing sa salitang ganda at perpektong hugis? *Bulkang Mayon*

2. **Namangha ang mga mag-aaral nang makita nilang mas malawak ang pasyalan sa Wild Life kaysa sa Casagwa.**
   - Ano ang salitang naglalarawan sa pangungusap? *mas malawak*

- Ano ang binibigyang turing sa salitang mas malawak? *Wild Life*

3. **Napagod ang mga bata sa pag-akyat sa Kawa-Kawa dahil sa sobrang taas nito.**
   - Ano ang salitang naglalarawan sa pangungusap? *sobrang taas*
   - Ano ang binibigyang turing sa salitang pinakamaliit? *Kawa-Kawa*

Matutukoy mo pa ba ang iba pang mga salitang naglalarawan sa talata?

Ano-ano pa ang mga salitang naglalarawan ang ginamit sa talata?

**Isulat ang sagot sa sagutang-papel.**

| | |
|---|---|
| 1. | 4. |
| 2. | 5. |
| 3. | 6 |

Mahusay! Binabati kita at mahusay mong natukoy ang mga salitang naglalarawan na ginamit sa mga pangungusap.

Ngayon, nakikilala mo na nang lubos at nagagamit ang mga salitang naglalarawan o **pang-uri**.



## Lagi mong tatandaan...

Ang **Pang-uri** ay salitang naglalarawan sa tao, hayop, bagay, lugar, at pangyayari.

Sa paglalarawan, gumagamit tayo ng kaantasan.

**KAANTASAN NG PANG-URI**

1. ***Lantay*** kung naglalarawan ng isang pangngalan lamang at walang paghahambing.

Halimbawa:

**Matangos** ang ilong ni Anna.

Sa pangungusap na ito ang salitang **matangos** ay ginamit na lantay na paglalarawan kay Anna. Lantay dahil sa isang pangngalan lamang ginamit ang paglalarawan at walang paghahambing.

Iba pang halimbawa:

**Masipag** si Arnold.
Mayroon silang **malawak** na hardin.

Ikaw naman, subukin mo namang bumuo ng sariling pangungusap na nasa antas na lantay na paglalarawan.

_______________________________________________

Mahusay! Alam kong nagawa mo… Ngayon naman talakayin natin ang ikalawang antas…

2. ***Pahambing*** kung naglalarawan ng dalawang pangngalan at may paghahambing.

Halimbawa:
**Magkasinghaba** ang buhok si Ana at Loida.

Sa pangungusap na ito ang salitang **magkasinghaba** ay ginamit na pahambing na paglalarawan kay Ana at Loida. Pahambing dahil sa dalawang pangngalan ang ginamit sa paglalarawan at may paghahambing.
Iba pang halimbawa:

Ang pagong ay **mas mabagal** kaysa sa kuneho.
**Magkasinglamig** ang yelo at *ice cream.*

Ikaw naman, subukin mo naman bumuo ng sariling pangungusap na nasa antas na pahambing na paglalarawan.

_______________________________________________

Mahusay! Alam kong nagawa mo… Ngayon naman talakayin natin ang ikatlong antas…

3. ***Pasukdol*** kung naglalarawan sa higit sa dalawang pangngalan ang pinaghahambing.

Halimbawa:

**Pinakamataba** si Shea sa kanilang tatlo.

Sa pangungusap na ito ang salitang **pinakamataba** ay ginamit na pasukdol na paglalarawan sa tatlong tao. Pasukdol dahil sa higit sa dalawang pangngalan ang ginamit sa paghahambing sa paglalarawan.

Iba pang halimbawa:


**Ubod ng tamis ang *leche flan*** kumpara sa lahat ng pagkaing nakahapag.

Si Yuan ang **pinakamabait** na anak ni Aling Jee Ann**.**

Ikaw naman, subukin mo naman bumuo ng sariling pangungusap na nasa antas na pasukdol na paglalarawan.

___________________________

Mahusay! Nagawa mo ang gawaing ito. Ngayon pag-aaralan naman natin ang tungkol sa elemento ng kuwento?




Ang **tagpuan** ay tumutukoy sa lugar o panahon kung saan naganap ang kuwento. Sa binasa mo, naganap ang kuwento sa magagandang pasyalan sa Albay. (Cagsawa, Kawa-Kawa at *Wild Life*)

Ang **banghay** ay tumutukoy sa maayos at malinaw na pagkasunod-sunod ng mga magkakaugnay na pangyayari. Halimbawa sa kuwento nagsimula ang kanilang lakbay aral sa Cagasawa nakita ang ang malaperpektong hugis ng Bulking Mayon. Pumunta rin sila sa malawak na pasyalan *Wild Life* na may maliliit at malalaking iba't ibang uri ng hayop na kanilang nakita

at nalaman ang mga katangian nito. At ang huling lugar na pinuntahan ay ang bulubundukin ng Kawa-kawa sa Ligao.

Ngayong nalaman mo na ang mga elemento ng kuwento. Paano mo naman mailalarawan ang tauhan, tagpuan at banghay ng kuwento?

Ang mga elemento ng kuwento na tauhan, tagpuan at banghay ay maaaring ilarawan sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang ng naglalarawan sa katangian, anyo, uri, kalagayan na inilalahad sa kuwento.



**Halimbawa:**

**TAUHAN**

- *Pisikal na Katangian*: maganda, maputi
- *Kilos/Gawi/Pagsasalita/Damdamin*: masaya, malungkot, nangangamba, tuliro
- *Pag-uugali*: mabait, masinop, masipag, matapat

**TAGPUAN:** malinis, maaliwalas, munti, magarbo, malaki, mainit ang panahon,

**BANGHAY:** masayang simula ng pagsasalo
nakasasabik ang sorpresa ng kaniyang nanay



Hayan natapos na nating talakayin ang Elemento ng Kuwento. Upang mas madagdagan pa ang iyong kaalaman pag-aarlan rin natin kung papaano isalarawan ang mga tauhan sa kuwento sa pamamagitan ng kanilang kilos, gawi, salita, at damdamin na kanilang ipinahihiwatig o ipinakikita sa kuwento.

## Paglalarawan ng Tauhan

**1.Paglalarawan sa tauhan batay sa kilos/gawi** ay pagbibigay katangian sa tauhan batay sa ginawang pagkilos sa kuwento.

**Halimbawa:**

Tuwang-tuwa ang mga mag-aaral sa ikaapat na baitang sa kanilang *'field trip'* sa Albay.

Anong katangian ang ipinapakita ng tauhan sa nabasang talata?

Tuwang-tuwa, natutulala at namangha ang angkop na paglalarawan sa tauhan sa kuwento.

**2.Paglalarawan sa tauhan batay sa pananalita/sinabi** ay paglalarawan batay sa sinabing pahayag at tono ng pananalita.

**Halimbawa:**

Kahit ilang beses na itong sumabog ay tila perpekto pa rin ang hugis nito. Kaya naman, isa ito sa mga magagandang pasyalan na ipinagmamalaki ng mga Bikolano.

Sa tono nang pananalita ng tauhan, anong katangian ang ipinapahiwatig nito?

**Magaling.** Sa tono nang pananalita ng tauhan sa binasang teksto ay nagpapahiwatig ng pagmamalaki sa magandang pasyalan ng sa Bikol.

**3.Paglalarawan sa tauhan batay sa damdamin** ay pagsusuri sa emosyon ng tauhan. Mailalarawan mo ang damdamin sa pagtukoy sa ipinahihiwatig ng pahayag maging sa kilos ng tauhan. Kailangang suriin ang nararamdaman ng tauhan upang higit siyang makilala bilang tauhan sa akda.

**Halimbawa:**

Pagod man ang mga bata sa kanilang ginawang lakbay-aral ay makikita sa kanilang mga mukha ang tuwa at saya dulot ng kakaibang karanasan sa pagkatuto.


Anong damdamin ang ipinapakita ng tauhan?

**Tumpak.** Ang damdaming ipinakita ng tauhan na kahit pagod sa kanilang lakbay-aral, tawa at saya pa rin ang kanilang nararamdaman dulot ng kakaibang karanasan sa pagkatuto.

Binabati kita at naunawaan mo ang tinalakay.
Anong mahahalagang impormasyon ang iyong nalaman?
Makatutulong kaya ang mga ito sa iyong pag-aaral?
Markahan sa ibaba ang antas ng iyong pagkaunawa:

___ Lubos na naunawaan
___ Naunawaan
___ Naguluhan






## *Pagyamanin*

Tara! Ipagpatuloy pa natin ang pagsasanay upang mas lumalim ang iyong kaalaman sa araling ito. Handa ka na? Sige simulan mo na.

**A.** Punan ang patlang ng wastong pang-uring dapat gamitin sa bawat larawan. Isulat ang tamang sagot sa sagutang-papel.

1. 

__________ na sundalo't pulis

2. 
__________ na doktor at nars

3. 

_____________ na opisyales ng gobyerno

4. 

______________ na magsasaka

5. 


______________ na basurero

B. Tukuyin ang tauhan, tagpuan at banghay sa kuwento. Sumulat ng pangungusap na naglalarawan sa mga ito. Gawing gabay ang diyagram sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

**Si Tinay na Tapat**

Sabado ng umaga, magluluto ang nanay ng adobong manok. Nakita niyang wala ng toyo kaya inutusan niya si Tinay na bumili sa tindahan sa kanto. Habang siya ay naglalakad pauwi sa kanila ng munting bahay nakita niyang sobra ang sukli ni Aling Pacita. Kaya dali-dali siyang bumalik at isinauli ang sobrang sukli. Tuwang-tuwa si Aling Pacita sa ginawa ni Tinay at ikinuwento niya ito sa mga bumibili sa kaniyang tindahan. Simula noon tinawag na si Tinay na Tinay Tapat.

| ELEMENTO NG KUWENTO | PAGLALARAWAN |
|---|---|
| TAUHAN<br>__________________ | (Katangian sa kilos o sinabi, gawi o damdamin) |
| TAGPUAN<br>__________________ | |

| BANGHAY/PANGYAYARI<br><br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________ | |
|---|---|

MAGALING! Natapos mo ang pagsasanay sa gawain A at gawain B. Tara, iyo nang alamin ang wastong sagot sa pahina ____ng Susi sa Pagwawasto.

Saang antas ka nabibilang?
5 tamang sagot - NAPAKAHUSAY
3-4 tamang sagot - MAGALING
1-2 tamang sagot - PAGBUBUTIHIN PA
0 tamang sagot - KAYA MO YAN

Kung nakuha mo ang antas na pinakamahusay binabati kita. Napakagaling mo at natutuhan mo ang ating aralin. Kaya't hinihikayat kitang sagutin mo pa ang gawain C upang mas mapayaman ang iyong kaisipan.

At kung nahirapan ka naman sa mga gawain A at B huwag kang mag-alala narito ako, ang iyong magulang o kapatid para tulungan kang maunawaan mo ang mga ito. O maaari mo ring pag-aaralan muli ang mga aralin at gawin ang mga pagsasanay.



C.Sumulat ng isang talatang naglalarawan sa iyong kaibigan. Gumamit ng iba't ibang antas ng pang-uri sa paglalarawan. Gawin ito sa sagutang papel.

____________________________

__________________________________________________
__________________________________________________
__________________________________________________
__________________________________________________
_______________________________________________.

Gamitin mo ang rubrik nasa pahina 4 para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.



Binabati kita. Natapos mo na ang mga gawain sa bahaging ito ng modyul. Inaasahan kong nalinang ang iba't ibang kasanayan sa iyong pagkatuto.

Kaya't ating alamin at ibuod ang iyong kaalaman tungkol dito. Handa ka na? Simulan na ang susunod na gawain.



## *Isaisip*

Punan ang talahanayan tungkol sa iyong natutuhan sa aralin at ipaliwanag kung gaano ito kahalaga. Gawin ito sa iyong papel.

| Ano ang iyong natutuhan? | Gaano ito kahalaga? |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |



## *Isagawa*



Upang lubos na masanay ka sa paglalarawan ng tauhan, tagpuan at banghay ng isang kuwento isagawa ang pagsasanay na ito.

**Panuto:** Panoorin mo ang iyong ina kung ano ang kaniyang ginagawa araw-araw. Isalaysay mo ang pagkasunod-sunod nito sa pamamagitan ng pagsulat ng isang talata. Gumamit ng wastong pang-uri sa iyong paglalarawan. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

__________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
__________________________________________________________.

Pagbati sa matagumpay na gawain! Maaari mong iwasto ang isinulat mong talata gamit ang rubrik na nasa pahina 4.





## *Tayahin*



Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa paggamit ng pang-uri sa paglalarawan ng elemento ng kuwento; tauhan batay sa kilos o gawi, sinabi at damdamin, tagpuan at banghay? *Excited* ka na ba? Tara alamin mo na sa pamamagitan ng pagsagot sa pagsasanay sa ibaba.

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong sa ibaba.

1. Napapanood mo ba sa balita ang mga gawain ng isang *frontliner*? ______________________________
2. Isalaysay mo nga ito ng pagkakasunod-sunod ang kanilang ginagawa. ______________________________
3. Ano kaya ang kanilang nararamdaman sa pagbibigay ng libreng serbisyo sa kanilang kapwa? ________________
4. Sumulat ng isang talatang naglalarawan tungkol sa mga frontliners ng ating bayan. Gumamit ng iba't ibang antas ng

pang-uri sa paglalarawan tauhan, tagpuan at banghay sa talatang isusulat. Gawin ito sa sagutang-papel.

5. Bilugan ang mga salitang naglalarawan o pang-uring ginamit sa isinulat na talata.

**Bayani ng Ating Bayan sa Panahon ng Pandemya**

___________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________.

Gamitin mo ang rubrik nasa pahina 4 para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat ng pagsasanay. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa <u>pahina 21.</u>

Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?

☹ ☺ 😐



## *Karagdagang Gawain*

Ngayong malawak na ang iyong kaalaman, magsanay pa sa paggamit ng pang-uri.

**Sundin at gawin ang sumusunod na panuto:**

1. Humanap ng iyong mga larawan. Isang nasa *kinder* o kahit anong larawan noong bata ka pa at ngayong nasa Ikaapat na Baitang.
2. Idikit ang mga larawan sa iyong sagutang-papel.
3. Sumulat ng talata na naglalarawan sa mga litrato mo. Gamitin ang iba-ibang antas ng pang-uri sa paglalarawan. Isulat ito sa iyong sagutang-papel. Gawing gabay ang pormat sa ibaba.

| Larawan noong Kinder/noong bata pa | Larawan ngayong Ikaapat na Baitang |
|---|---|

**Ako: Noon at Ngayon**

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
_______________________________________________________.

Gamitin mo ang rubrik nasa pahina 4 para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

Sa wakas ay narating mo ang dulo ng aralin.

Ang saya-saya ko at napagtagumpayan mo ang mga pagsasanay at gawain.

***Ang husay mo!***



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin A**

**A.**

1.B 2. A 3. C 4. A 5. C

B.Iwawasto gamit ang rubrics na ihahanda ng guro.

**Balikan**

1.module- pamilyar-  - Ginagamit naming ito ngayong pandemya sa aming pag-aaral sa iba't ibang asignatura.

2.magazine – di-pamilyar-  Ito ay babasahin na nagbibigay aliw sa mambabasa.

3. cellphone- pamilyar- selpon-  Ginamit sa pakikipagusap sa mga taong malayo.

4.television- pamilyar- telebisyon-  - Dito kami nanonood ng pelikula, teleserye at balita.

5.laptop- di-pamilyar- laptop-  Ito ay ginagamit sa pagsasalisik ng mga aralin gamit ang internet. (tanggapin ang iba pang mga kasagutan)

**Suriin**

Maganda, perpektong hugis, mas malawak, sobrang taas, presko
maliit at malalaki

**Isaisip**

1. Pang-uri at Kaantasang ng Panguri. Mahalagang mapag-aralan ito sapangkat malaki ang maitutulong nito sa akin sa paggamit ng tamang salitang naglalarawan sa bagay-bagay.
2. Nailalarawan ang Elemento ng kuwento. Mahalaga ito sapagkat mas lalo kong naiintindihn ang kuwento sa pamamagitan ng pagsasalarawan nito lalo na sa damdamin ng tauhan.
3. Naisasalaysay ang mga sumusunod na pangyayari sa napanood – Ito ay mahalagang matutuhan sapagkat nakakatulong ito na mahasa ang aking kaalaman sa maalala ko ang mahahalagang detalye sa napanood. *(Tanggapin ang ibang kasagutan)*

**Isagawa/Karagdagang Gawain**

Mamarkahan gamit ang rubrics

**Tuklasin**

1. maganda, perpektong hugis, malawak, maliliit at malalaki, sobrang taas, presko.
2. Cagsawa, Kawa-Kawa, WildLife
3. masaya
4. Opo.Dahil natuto ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng aktwal na nakikita ang mga bagay bagay sa kanilang paligid.

6.Chocolate Hills sa Bohol. Dahil nais kong makita ang kakaibang ganda nito.

7.Una nilang pinuntahan ay ang Cagsawa sa Albay upang masilayan ang malaperpektong hugis ng Bulkang Mayon, ikalawa nagtungo sila sa Wildlife at nakita ang maliit at malalaking hayop, at ang panghuli pinuntahan ay ang Kawa-Kawa sa Ligao na napakataas akyatin at nakilat ang *Station of the Cross.*

(*Maaaring tanggapin pa ang ibang kasagutan)*

**Pagyamanin**

A.1. magiting 2. Maalaga 3. matulungin
4. masipag 5. masayahin

B.1.Tinay – Tapat, masipag, masunurin
Bahay- Munti
Banghay- Una magluluto ng adobo ang nanay ni Tina. Napansin niyang walang toyo kaya inutusan niya si Tinay na bumuli ng toyo sa tindahan sa kanto. Nang papauwi na sa Tinay sa kanilang munting bahay napansin niyang sobra ang sukli at ibinalik niya ito kay Aling Pacita. Tuwang-tuwa si Aling Pacita sa ginawa ni Tinay ay ikinuwento niya ito sa iba. Simula noon tinawag na si Tinay tapat.

C.Iwawasto gamit ang rubrik.

**Tayahin A**

1. masagana - Lantay
2. sikat– Lantay
3. mas matalim- Pahambing
4. ubod ng laki-Pasukdol
5. magkasingsaya- pahambing

(*Ang mga pangungusap ay iwawasto ng guro*)

**Tayahin B**

Iwawasto gamit ang rubrics

## *Sanggunian*


Almario, V., (2010), Diksiyonaryong Filipino Ikalawang Edisyon, Pasig City: ANVIL Publishing Inc., Komisyon sa Wikang Pambansa.

Belvez, P., (2011), *Landas sa Pagbasa 6.* Quezon City: EduResources Publishing, Inc.

Lalunio, L. & Gil, F., (2010), Hiyas ng Wika 4 Binagong Edisyon. Quezon City: LG & M Corporations.

Liwanag, L., (2011). Landas sa Wika 6. Quezon City: EduResources Publishing, Inc., pp. 90-91

"MISOSA Katangian ng mga Tauhan sa Kuwento 4, 5, 6". Published 9th December 2014. www.lrmds.deped.gov.ph/create/detail/6809

"MISOSA Mga bahagi ng pangungusap/katangian ng mga tauhan 4,5,6 Published 12th November 2014. www.lrmds.deped.gov.ph/create/detail /6814

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph